

Mga Patnubay na Prinsipyo ng WIDA sa Pagpapaunlad ng Wika



Ang mga updated ng Patnubay na Prinsipyo ng Pagpapaunlad ng Wika at Pag-aaral ay huwaran sa komprehensibo at laging naruong Can Do Philosophy ng WIDA.

1. Ang mga wika at kultura ng mga multilingual na mag-aaral ay mahahalagang dulugan na ile-leverage sa pag-aaral at buhay sa silid-aralan; ang pag-leverage ng mga ari-ariang ito at mga paghamong pagkiling ay nakakatulong na mapaunlad ang pagiging independiyente ng mga multilingual na mag-aaral at hinihikayat ang ahensiya nila sa pag-aaral (Little, Dam, & Legenhausen, 2017; Moll, Amanti, Neff, & González, 1992; Nieto & Bode, 2018; Perley, 2011).
2. Pagpapaunlad ng mga multilingual na mag-aaral ng maramihang wika ay nagpapahusay sa kaalaman nila sa pangkulturang batayan, ang intelektuwal nilang kakayahan, at ang kanilang pag-ayon sa paggamit ng wika (Arellano, Liu, Stoker, & Slama, 2018; Escamilla, Hopewell, Butvilofsky, Sparrow, Soltero-González, Ruiz-Figueroa, & Escamilla, 2013; Genesee, n.d.; Potowski, 2007).
3. Ang pag-unlad sa wika ng mga multilingual na mag-aaral at pag-aaral ay nagaganap sa paglipas ng panahon sa pamamagitan ng makabuluhang pakikipag-ugnay sa mga aktibidad na pinahalalagahan sa mga tahanan, paaralan at komunidad nila (Engeström, 2009; Larsen-Freeman, 2018; van Lier, 2008; Wen, 2008).
4. Ang wika, social-emotional at cognitive na pag-unlad ng mga multilingual na mag-aaral ay magkakaugnay na proseso na nag-aambag sa tagumpay nila sa paaralan at higit pa (Aldana & Mayer, 2014; Barac & Bialystok, 2012; Gándara, 2015; Sánchez-López & Young, 2018).
5. Ginagamit at pinaunlad ng mga multilingual na mag-aaral ang wika kapag may mga oportunidad sa pag-aaral na isinasaalang-alang ang kanilang mga indibiduwal na karanasan, katangian, kakayahan at mga lebel ng katastasan sa wika (Gibbons, 2002; Swain, Kinnear, & Steinman, 2015; TESOL International Association, 2018; Vygotsky, 1978).
6. Ginagamit at pinaunlad ng mga multilingual na mag-aaral ang wika sa pamamagitan ng mga aktibidad na sadyang isinasama ang maramihang modalidad, kasama ang pabigkas, nakasulat, nakikita at mga kinesthetic na paraan ng komunikasyon (Choi & Yi, 2015; Jewitt, 2008; van Lier, 2006; Zwiers & Crawford, 2011).
7. Ginagamit ng mga multilingual na mag-aaral at pinaunlad ang wika para bigyan ng interpretasyon at i-access ang impormasyon, mga ideya at konsepto mula sa iba't ibang pagkukunan, kasama ang mga real-life na bagay, modelo, representasyon at mga multimodal na text (Ajayl, 2009; Cope & Kalantzis, 2009; Jewitt, 2009; Kervin & Derewianka, 2011).
8. Humahatak ang mga multilingual na mag-aaral sa kanilang metacognitive, metalinguistic, at metacultural na kabatiran para makabuo ng pagiging mabisa sa paggamit ng wika (Bialystok & Barac, 2012; Casey & Ridgeway-Gillis, 2011; Gottlieb & Castro, 2017; Jung, 2013).
9. Ginagamit ng mga multilingual na mag-aaral ang buo nilang linguistic na repertoire, kasama ang translanguaging na kasanayan, para mapayaman ang kanilang pagpapaunlad ng wika at pag-aaral (García, Johnson, & Seltzer, 2017; Hornberger & Link, 2012; Wei, 2018).
10. Gumagamit ang mga multilingual na mag-aaral at nagpapaunlad ng wika para mabigyan ng interpretasyon at magpakita ng magkakaibang pananaw, bumuo ng kabatiran ng mga relasyon, at apirmahin ang mga pagkakakilanlan nila (Cummins, 2001; Esteban-Guitart & Moll, 2014; May, 2013; Nieto, 2010).

Tinutukoy ng mga multilingual na mag-aaral

ang lahat ng mga bata at kabataan na, o naging, laging nalantad sa maramihang wika. Kasama nito ang mga mag-aaral na kilala bilang mga English language learner (ELL) o mga dual language learner (DLL); mga heritage language learner; at mga mag-aaral na nagsasalita ng iba't ibang klase ng Ingles o mga katutubong wika.



WIDATM

Ang WIDA ay nasa Wisconsin Center for Education Research sa University of Wisconsin-Madison.
© 2019 Ang Board of Regents ng University of Wisconsin System, sa ngalan ng WIDA